Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Sta. Cruz

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PAMBAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-21 NG HULYO, 1997, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NARCISO O. INFANTE.............. | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Heidi S. Ciriaco.................. | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas................. | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon.................. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez................ | Kagawad |
| Kgg. Celestino D. Pamatmat............. | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison.................. | Kagawad |
| Kgg. Miguel M. Asinas.................. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco............... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor............. | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan.... | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 161-T'97

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 18-T'97/KAUTUSANG BARANGAY BLG. 1-T'97 NG SANG. BARANGAY II NA NAGTATAAS NG HONORARIUM/ALLOWANCE NG HEPE NG BARANGAY TANOD MULA SA P300.00 HANGGANG P600.00 AT SA KARANIWANG BARANGAY TANOD MULA SA P200.00 HANGGANG P500.00.

SAPAGKA'T, iniharap at tinalakay sa Sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 18-T'97/Kautusang Barangay Blg. 1-T'97 ng Sangguniang Barangay II na naglalayong maitaas ang honorarium/allowance ng mga barangay tanod at ang pagkukunang pondo ay magmumula sa pondo ng Barangay Election upang mapunan ang pondong nakalaan sa mga barangay tanod ayon sa kapasiyahan Blg. 21-T'9 ng Sangguniang Barangay II;

SAPAGKA'T, ang nasabing pondo ay naaayon sa mga batas at regulasyon sa pagbabadyet ng barangay;

SAPAGKA'T, anumang pagbabago at paglalabas ng pondo ay nasa pananagutan ito ng Sangguniang Barangay II.

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ariel T. Magcalas, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Heidi S. Ciriaco, Miguel M. Asinas, Angelito U. Limjuco, Ricardo B. Ramirez at Louie C. de Leon at sa pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 18-T'97/Kautusang Barangay 1-T'97 ng Sang. Barangay II na nagtataas ng honorarium/allowance ng Hepe ng Barangay Tanod mula sa P300.00 hanggang P600.00 at sa karaniwang Barangay Tanod mula sa P200.00 hanggang P500.00.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay II, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. SANDICHO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan/Tagapangulo

PINAGTIBAY: